1

Malaki ang pagkakasulat ni Kristina sa pangalan niya. Nakaupo siya sa arrival area ng *Manila Domestic Airport* at naghihintay ng sundo.

Makalipas ang ilang sandali ay lumapit sa kanya ang isang lalaki. “Kayo ho ba si Kristina Guzman?” tanong nito.

Hindi siya kaagad tumugon. Malay ba niya kung ito nga ang driver na inatasan ni Tita Salve na sumundo sa kanya. Kunsabagay, akma naman sa description ni Tita Salve ang hitsura ng lalaki. May katabaan ito, kulot ang buhok, kayumanggi. Pagkaraan ng ilang sandali ay natiyak niya sa sarili na ito nga ang driver, ngunit nanupok pa rin siya.

“Sino ho ba’ng nagpapunta sa inyo rito?” tanong niya. Isinilid niya sa bag ang cartolina kung saan nakasulat ang pangalan niya.

“Si Ma’am Salve po,” tugon nito. “Hindi ko nga ho kayo agad nilapitan kasi ang sabi niya sa akin ay babae ang susunduin ko.” Napangiti ito. “Eh, talo pa ho n’yo n ang lalaki kung pumorma, eh.”

Napangiti rin siya. Nakapantalon lamang siya

at kamisetang napapatungan ng makapal na jacket. Ang buhok niya ay nakapusod at natatakpan ng itim na cap. Naka-rubber shoes din siya. Komportable siya at nakasanayan na niya sa probinsya ang ganoong porma. Marami nga ang nag-aakalang tompoy siya pero hindi naman. May pagkakilos-lalaki siya; kailangan niya iyon at malaki ang naitulong niyon sa kanya. Wala kasi siyang kapatid na lalaki. Napoprotektahan niya ang sarili sa pagkikilos-lalaki at wala ni isa mang nagtatangkang bumastos sa kanya.

Mabait ang driver na nakilala niya bilang si Mang Anton. Kaagad niya itong nakapalagayan ng loob kaya hindi na siya nagdalawang-isip na sumama rito.

ISANG ORAS ANG BIYAHE patungo sa bahay ni Tita Salve. Nakatulog si Kristina habang nasa daan dahil hapung-hapo ang katawan niya. Hindi siya gaanong nakatulog sa eroplano sa pangambang bigla na lamang itong bumagsak sa lupa nang hindi niya namamalayan. Hindi siya sanay sumakay sa eroplano. Napilit lamang siya ng kanyang ina dahil iyon daw ang nais ni Tita Salve upang mapabilis ang biyahe.

Ginising siya ni Mang Anton nang nasa tapat na sila ng tahanan ni Tita Salve. Napamulagat siya sa laki ng bahay nito.

"Bahay ba 'to ni Tita Salve?" paniniyak niyang tanong.

"Oho," nakangiting tugon nito.

"Ang laki pala at ang ganda!" buong paghangang bulalas niya. Nalito tuloy siya, nakaramdam ng matinding kabang higit pa sa nadama niya habang lulan ng eroplano. Hindi niya tunay na tiyahin si Tita Salve, hindi ito kapatid ng kanyang ina o ama. Isang matalik na kaibigan lamang ito ng kanyang ina na sa Maynila nakapag-aral at nanirahan hanggang sa makapag-asawa ito.

Minsan ay nagbakasyon ito sa kanila, dalaga pa ito noon at katatapos lamang mag-aral. Siya naman ay hindi pa ipinapanganak at dalaga pa rin ang inay niya. Tanging kuwento ng kanya na ina ang dahilan upang makilala niya nang lubusan si Tita Salve. Nakikipagsulatan ito sa inay niya. Ngayong katatapos lamang niyang mag-aral ng college ay ito mismo ang naghikayat sa kanya na sa Maynila na maghanap ng trabaho at sa bahay muna nito mamalagi.

Ang katulong na si Trining ang nagbukas ng gate. Kung hindi pa siya nito tinawag sa kanyang pangalan ay hindi pa siya bababa.

"Good morning, Ma'am Kristina," masayang salubong nito.

"Magandang umaga naman," tugon niya. "Kilala n'yo na pala ako?"

"Ay naku! Madalas ikuwento sa amin ni Ma'am Salve ang inay mo. Ang sabi nga niya sa amin ay dito ka muna titira habang naghahanap ng trabaho. Halika sa loob, kanina ka pa hinihintay ni Ma'am."

Atubiling sumunod siya rito.

Kape at diyaryo ang nakasanayang almusal ni Tita Salve tuwing umaga. Nang makita siya ay tumayo ito at sinalubong siya.

"Naku, hija, dalagang-dalaga ka na pala at kamukhang-kamukha mo ang inay mo!" masayang bati nito at inakbayan siya patungo sa dining table. "Mag-almusal ka muna. Alam kong nagutom ka sa biyahe. Trining, ihanda mo na ang almusal ni Kristina."

Hindi pa man niya nakakasama nang matagal ang babae ay batid niyang makakapalagayan niya

ito ng loob. Totoo ang mga kuwento ng kanyang ina. Likas na mabait at matulungin si Tita Salve kahit mas umasenso ito kaysa sa ina niya. Nakapag-asawa kasi ito ng mayamang negosyante na sinawing-palad na maaksidente dalawang taon na ang nakakaraan.

"Kumusta ang inay mo?" tanong nito nang humihigop na siya ng mainit na kapeng may gatas. Bacon, sausages, sinangag at kung anu-ano pang masasarap na almusal ang nakahain sa harapan niya at lalo tuloy siyang ginutom. *Mukhang mag-e-enjoy ako rito nang husto. Wala yata ng mga ito sa probinsya*, sabi niya sa isip. Kung mayroon man ay hindi para sa kanilang mahihirap kundi sa mga may-sinasabing angkan. Tuyo at sardinas ang special menu nila tuwing umaga.

"Mabuti naman ho," pagkuwa'y tugon niya. "Nagpapakumusta nga ho pala siya sa inyo."

"Naku, miss na miss ko na ang inay mo!" excited na sabi nito. "Matagal-tagal na rin kaming hindi nagkikita. Mabuti nga't hindi pa kami nawawalan ng komunikasyon, eh. Hay naku, hija, ang nanay mo ang kasa-kasama ko sa mga kalokohan noon. Best friends talaga kami."

"Sinabi nga ho niya sa akin," mahinang pahayag niya. "Ang dami nga raw n'yong manliligaw."

"Naku! Mas maraming manliligaw ang inay mo. Ang ganda nga niya kaya lang ay mahiyain kaya hindi siya sumasali sa contests. Natutuwa nga ako't nagmana ka sa kanya. Tiyak na maraming manliligaw sa 'yo rito sa Maynila kaya ngayon pa lang ay pinapaalalahanan na kita, huwag na huwag kang magtitiwala kaagad. Pasasamahan kitang palagi sa Kuya Dexter mo hanggang sa masanay ka na rito."

Kuya Dexter. Naalala niyang may anak nga pala itong lalaki. Malimit nitong ipagyabang sa inay niya ang anak nito sa mga sulat na ipinadadala nito sa probinsya. Ang pagkakaalam niya ay isang architect ang anak nito at nagtatrabaho sa malaking kompanya.

"Ilang taon na nga ho pala si Kuya Dexter?" Kung magsalita siya ay parang kilalang-kilala na niya ito.

"Twenty-five na, hija, at naku! Nakukunsumi ako sa mga babaeng tumatawag dito. Minu-minuto na lang yata ay tumutunog ang telepono sa mga tawag para sa kanya."

"Guwapo ho siguro," napangiting saad niya.

Ngumiti ito. "Hamo't makikita mo rin siya. Natutulog pa kasi ngayon, eh. Ikaw, ilang taon ka

na nga?"

"Twenty-one ho."

"Graduate ka ng Marketing, di ba?"

Tumango siya habang ngumunguya ng pagkain.

"Hayaan mo't magpapatulong tayo sa Kuya Dexter mo para makakuha ka kaagad ng trabaho. Maraming kakilala 'yon."

Natutuwang tumango si Kristina. Tiyak niyang hindi siya magkakaroon ng problema roon. Mabait talaga si Tita Salve at tiyak niyang mabait din si Dexter. Hindi pa man ay nasisiyahan na siya.

Nang sandali lamang ay may pumapanaog na sa hagdan. Excited na siyang makita si Dexter. Gusto niyang makatiyak kung totoo nga ang sinasabi ng kanyang inay na guwapo raw at makisig ito. Kamuntik na siyang mahimatay nang iluwa ng pinto ng dining room ang halatang kagigising pa lang na lalaki. Naka-sando at shorts lamang ito, matangkad, moreno.... Guwapo!

Napatulala siya. Waring nakita niya ang lalaking nasa poster sa kanyang kuwarto. "Hindi ho ba artista 'yan? Kaanu-ano n'yo ho siya?"

Natawa si Tita Salve. "Bolera ka rin palang bata

ka," anito. "Siya ang Kuya Dexter mo."

Hindi niya magawang ibaling sa iba ang mga paningin. Namagneto siya ng kaguwapuhang nasa harapan niya.

Kumunot ang noo ni Dexter nang mapansin siyang titig na titig dito. "O, sino 'to?" Hindi niya nagustuhan ang tono ng boses nito. "Bagong driver, hardinero o bagong alaga?"

Naglahong bigla ang ngiti sa kanyang mga labi sa tinuran nito, ang paghanga ay dagling napalitan ng inis.

"Anak naman, siya si Kristina, ang anak ng Tita Belen mo," paliwanag ni Tita Salve. "Di ba't naikuwento ko na sa 'yo ang best friend ko? Nasabi ko na rin sa 'yo na dito muna tutuloy ang anak niya habang naghahanap ng trabaho. Nagiging makakalimutin ka na yata?"

"I'm sorry, Ma. Alam mo namang napakarami kong iniisip." Naupo ito sa dulo ng mesa. "Huwag n'yong ipagagamit ang guest room sa kanya. Para sa mga bisita ko 'yon."

"Dalawa naman ang guest rooms, eh," ani Tita Salve. "Sa pink room na lang siya."

"Ma, alam mo namang marami akong kaibigang pumupunta dito," tutol nito. "Bakit hindi n'yo na lang siya patabihin kay Trining? Maluwang naman ang kuwarto niya."

Muntik nang mapabulalas ng hindi maganda si Tita Salve sa anak kung hindi lang nito isinaalang-alang si Kristina.

Nabitawan ng dalaga ang hawak na kutsara at tinidor. Nawalan na siya ng ganang kumain.

"Halika, Kristina, sa garden na lang tayo magpatuloy ng kuwentuhan," yakag ni Tita Salve upang maiwasan na ang iba pang sasabihin ni Dexter.

"S-sige po," mahinang tugon niya, sabay tayo. Hindi na niya tinapunan ng tingin ang binata nang tumalikod siya paalis.

MULA SA MALUWANG NA PORCH av tanaw ni Kristina ang papalayong sasakyan ni Dexter. Ang buong akala pa naman niya ay hindi siya magkakaroon ng problema sa bahay na iyon. Si Dexter, ito ang magiging suliranin niya kung hindi niya makukuha ang ugali nito.

"Pasensya ka na sa anak ko," sabi ni Tita Salve,

sabay tapik sa balikat niya.

Nakangiting humarap siya rito. “Wala ho ‘yon. Hindi naman ako sensitive.”

“Hindi naman talaga ganyan ang ugali ng Kuya Dexter mo, patuloy nito. “Kabi-break lang nila ng girlfriend niya kaya ‘yan nagkakaganyan. Hindi maglalaon ay babalik din ang dati niyang ugali. Huwag ka sanang magdaramdam, hija, at huwag kang makakaisip na umalis. Noon ko pa gustong magkaroon ng kasa-kasamang tulad mo. Natutuwa nga ako’t ipinagkatiwala ka sa akin ng inay mo.”

Ngumiti siya. “Hayaan n’yo ho’t gagawin ko ang lahat upang mapalapit kay Kuya Dexter.”

Natutuwang inakbayan siya nito. “Halika, sasamahan kita sa magiging kuwarto mo. Kailangan mong magpahinga at alam kong pagod ka’t inaantok.”

“Oho.”

“At puwede bang hubarin mo na ‘yang jacket mo? Nagmumukha kang lalaki sa ayos mo. Naku, si Belen! Hindi man lamang tinuturuang magpaganda ang anak niya. Kay gandang bata pa naman!”

Muli siyang napangiti.

BUONG MAGHAPONG NAMAHINGA si Kristina. Nang magising ay inilibot siya ni Tita Salve sa buong kabahayan. Natapos sila sa family room. Carpeted iyon, maluwang, magaganda ang paintings na nakadikit sa dingding at iyon na rin ang ginawang music room.

"Panoorin mo muna ang home videos ni Dexter," nakangiting saad ni Tita Salve habang hinahalungkat nito ang tapes sa shelves. "Aktibo ang anak kong 'yon sa sports kaya't marami kang mapapanood sa kanya. O kaya'y 'eto muna ang panoorin mo. Kuha 'to noong last birthday niya."

Naupo siya sa carpet.

Isinalang nito sa player ang tape ng party ni Dexter. Masiglang-masigla pa ito roon. Palagi nitong katabi ang isang mestiza na babae na batid niyang kasintahan nito noon.

""Yan si Cindy, ang dati niyang girlfriend," pagpapakilala ni Tita Salve.

"Ang ganda ho pala niya," komento niyang titig na titig sa mukha ni Dexter. Talagang guwapo ito. Kahit sinong babae siguro ay magkakagusto rito kahit sa unang pagkikita pa lamang. *Napakatanga ni Cindy para iwanan ito*, naisip niya.

"Mas maganda ka riyan," nakangiting sabi ni Tita Salve. "Maputi lang 'yan kaya akala mo'y napakaganda."

Tatangu-tango siya.

"O, hija, dito ka muna't titingnan ko kung ano'ng iniluluto ng kusinera, ha?"

"Tutulong na po ako—"

"Hindi, hija, magpahinga ka na lamang dito. Marami namang katulong sa ibaba."

Sinundan niya ito ng tingin. Nang makalabas ito ay muli siyang nanood ng video. Kinuha niya ang throw pillow at ginawang unan habang nakahiga sa carpet. Naka-shorts at puting t-shirt na lamang siya. Nakatali pa rin ang hanggang balikat niyang buhok.

Siyang-siya si Kristina sa panonood at hindi na niya namalayan ang pagdating ni Dexter. Hindi niya alam kung gaano katagal na itong nasa ibaba basta nagulantang na lamang siya sa biglang pagpasok nito sa family room.

Nang makita si Cindy sa TV screen ay kaagad na nagdilim ang mukha nito. "Sino'ng may sabi sa 'yong panoorin mo 'yan?" matigas ang tinig na tanong nito.

"S-si Tita Selve," napabangong tugon niya.

Lumapit ang binata at inalis ang bala sa VHS. "Iba na lang ang panoorin mo." Kumuha ito ng isang tape at mabilis na isinalang sa player. Isang cartoons na palabas ang naisalang nito. Napakunot-noo si Kristina.

"A-ang ganda pala ng girlfriend mo," saad niya sa pag-aakalang ikatutuwa iyon ng binata.

Lalo lamang kumulimlim ang mukha nito. "Hindi ko na siya girlfriend at puwede bang huwag mo na siyang mabanggit-banggit?"

Tumango siya.

"Bumaba ka na raw, sabi ng Manıa," pagkuwa'y sabi nito. "Kakain na."

"S-salamat," mahinang tugon niya. "B-bababa na ako."

Tahimik na tumalikod ang binata. Nakasunod pa rin ang mga mata niya rito. Saka pa lamang niya pinatay ang pinanonood nang makapasok ito ng kuwarto. Wala man silang ganoong kagamitan sa bahay ay marunong siyang mag-operate kahit papaano dahil sa pakikipanood niya sa mga kapitbahay.

2

"Hijo, baka naman puwede mong ipasok si Kristina sa kompanya n'yo?" sabi ni Tita Salve kinabukasan sa harap ng almusal.

Nakatungo ang dalaga, naghihintay sa itutugon ni Dexter. Wala siyang narinig na sagot mula rito. Nagmamadali ito sa pagkain.

"Dexter, hijo," untag ng ina.

"Ano 'ika mo, Ma?" sa wakas ay tanong nito.

"Sabi ko, baka naman maaari mong ipasok sa kompanya n'yo si Kristina."

Isinubo nito ang kahuli-hulihang hotdog sa plato bago tumugon. "Titingnan ko kung merong bakante." Uminom ito ng tubig.

"O, hija," nakangiting baling ni Tita Salve sa kanya, "tiyak na magagawan 'yan ng paraan ng Kuya Dexter mo. Magkakatrabaho ka na."

Ngiti lang ang itinugon niya. Nag-aalangan siyang sumulyap sa binata.

Umiling ito. "Ma, hindi pa ako sigurado kung

may bakante. Titingnan ko pa lang."

"Malakas ka naman sa kompanya n'yo, hijo," ngiti ng ina nito. "Ipasok mo na si Kristina. Matalino naman 'tong batang ito, eh."

"O, sige na, aasikasuhin ko na, matigil lang kayo." Tumunog ang beeper nito kaya nagmamadali na itong umalis natapos gawaran ng isang halik sa pisngi ang ina.

"Sabi ko sa 'yo, hija, mabait 'yang anak ko, eh," pagbibida ni Tita Salve nang makaalis ang binata. "Kanino pa ba naman 'yan magmamana kundi sa Tita Salve mo?" Natawa ito. "Paminsan-minsan lang, eh, sinusumpong kaya mainit ang ulo. Alam mo na, dahil sa paghihiwalay nila ni Cindy."

Gustong itanong ni Kristina kung ano ang dahilan ng paghihiwalay ng mga ito subalit pinili niyang manahimik na lang. Hindi pa panahon para mag-usisa siya. Kapag lubusan nang mabait sa kanya ang binata ay ito mismo ang tatanungin niya.

Magsasalita pa sana si Tita Salve nang masulyapan nito ang isang envelope sa ibabaw ng mesa. "Naku, ang importanteng papers ni Dexter, nakalimutan na naman niya sa pagmamadali! Ang batang 'yon talaga, oo!"

"Siguro ho'y babalikan na lang niya."

"Hay naku, hindi na makakabalik 'yon, hija. Masyadong hectic ang schedule niya ngayong araw na 'to. Ang mabuti pa siguro'y ipahatid ko na lang sa driver."

May kumislap na ideya sa utak niya. "Kung gusto n'yo ho, ako na lang ang maghahatid para malaman ko na ang pasikut-sikot dito. Kung okay lang sa inyo?"

"Mabuti pa nga, hija," sang-ayon nito. "Pasa-samahan na lang kita kay Anton."

"Sige ho, magbibihis na ako!" Nagmamadali siyang pumanhik ng hagdan.

Iiling-iling na sinundan siya ng tingin ni Tita Salve. Nauunawaan nitong masyado pang sabik ang dalaga sa Maynila.

NASA ISANG THIRTY-STOREY BUILDING ang opisinang pinapasukan ni Dexter. Hindi kaagad bumaba ng kotse si Kristina habang tinitingala kung gaano kataas ang gusali.

"Mang Anton, nakakahiya bang tumuloy ako?" pagkuwa'y tanong niya sa driver.

"Bakit ka mahihiya?" tugon nito. "Maganda ka naman."

"Tingnan n'yo nga ang hitsura ko."

"Kung bakit kasi ang hilig-hilig mong magsusuot ng panlalaking kasuotan."

"Ihahatid ko lang naman 'tong envelope, eh," paliwanag niya. "Hindi ako magtatagal."

Tinanggal niya ang suot na cap at ibinaba sa upuan bago umibis ng kotse. Kinakabahang tinungo niya ang entrance ng building. Sínita siya ng guwardya ngunit pinapasok din kaagad nang sabihin ang pakay rito. Hinabol niya ang papasarang elevator at sumabay na siya sa mga taong sumakay roon.

Nasa twelfth floor ang opisina ni Dexter, ayon kay Tita Salve. Matinik si Kristina at matandain; hindi siya tatanga-tanga.

Iniluwa siya ng elevator sa twelfth floor. Makintab ang sahig, bagong pintura ang mga dingding, malinis at maayos iyon. Huminto siya sa tapat ng room 1225 at nag-aalangang kumatok.

Humugot siya ng hininga bago ibinagsak ang nakakuyom na kamay sa kulay beige na pinto.

"Yes, come in," narinig niyang tinig ng isang babae mula sa loob.

Marahan niyang binuksan ang pinto. Isang nakangiting babae ang nabungaran niyang nakaupo sa isang desk.

"Yes, what can I do for you?" tanong nito.

Tumikhim siya. "Driver ako ni Dexter," tugon niya. "Ihahatid ko lang sana 'tong naiwan niyang envelope."

May pagtatakang dinampot ng babae ang telepono. "Sir, driver n'yo raw ho at may ihahatid lang sa inyong envelope." Ibinaba nito ang handset nang tumugon ang kausap. "Tuloy ka raw." Itinuro nito ang silid ni Dexter.

Nakasunod ang mga mata ng sekretarya habang tinutungo ni Kristina ang silid. Dalawang pinto ang nadaanan niya bago nabasa ang pangalan ng binata sa pinto. Kumatok siya roon.

"Tuloy," anito mula sa loob.

Itinulak niyang pabukas ang pinto. Wala si Dexter sa mesa nito. Namataan niya itong inaayos ang scale model ng bagong building na ipinapatayo ng isang kliyente.

"O, nasa'n si Anton?" nagtatakang tanong nito nang makita siya.

"N-nasa ibaba ho," tugon niya. Ibinaba niya sa mesa ang dalang envelope.

"Akala ko ba'y si Anton ang maghahatid niyan? Bakit ka pa sumama rito?"

"G-gusto ko lang makita ang opisina mo. Ang ganda pala. Ikaw ba ang gumawa niyan?" tanong niya habang nakatingin sa scale model.

"Siyempre. O, umuwi na kayo't may darating pa akong kliyente mamaya."

Nag-ring ang telepono. Akmang sasagutin na nito iyon nang unahan niya ito. "Ako na'ng sasagot." Ngiting-ngiti siya. "Office of Mr. Dexter Buenavidez, may I help you?"

Napatunganga ang binata sa kinatatayuan.

Iniabot niya ang telepono rito. "Secretary mo."

Natatawang tinanggap nito iyon. "Talagang secretary ko 'yan dahil siya ang tumatanggap ng lahat ng calls ko."

Nahihiyang tumalikod siya paalis.

"Oy, salamat dito, ha." Hawak-hawak na nito

ang envelope. “Talagang balak ko nang bumalik sa bahay para kunin ‘to pero gagahulin na ako sa oras. Darating na ang clients ko.”

Tumango siya.

“O, ingat kayo ni Anton,” pahapol nito.

Nakikipag-usap na ito sa sekretarya nang muli niya itong balingan ng tingin. Nakangiting kinabig niya pasara ang pinto.

NAKAUGALIAN NA NI TITA SALVE na dalhan ng juice si Dexter tuwing gabing may ginagawa ito sa kuwarto. Kaligayahan na nito ang pagsilbihan ang kaisa-isang anak.

Mula sa hallway ay pinagmasdan ni Kristina si Tita Salve habang nakangiting pumapanhik ng hagdan dala ang tray ng juice.

Tumingin ito sa kinaroroonan niya. “O, hindi ka pa inaantok?”

“Hindi pa ho, eh.” ngiti niya. Tumunog ang teleponong nasa kanyang tabi kaya sinagot niya iyon. “Tita, sa inyo ho,” baling niya sa babae.

“Sandali lang, hija.... Dexter, open the door!”

"Come in, Ma!" sigaw ng binata mula sa loob. "May ginagawa ako, eh."

Bumaling ito sa kanya. "Hija, ikaw na nga ang magdala nito sa loob ng kuwarto." Hindi pa man siya nakakatugon ay iniabot na nito sa kanya ang tray. "Kakausapin ko muna kung sino man 'tong tumatawag."

May isang minuto siyang hindi makatinag sa kinatatayuan habang hawak-hawak ang tray.

"I said, come in, Ma!" muling sabi ni Dexter.

Napalunok na itinulak niya ang pinto at saka siya pumasok sa loob. Kamuntik na niyang mabitawan ang hawak na tray nang makitang nagsusuot ng pajamas ang naka-briefs na binata. Nakatalikod ito kaya hindi siya kaagad nakita.

Mabilis niyang ibinaba ang tray sa ibabaw ng study table nito. Saka pa lamang ito tumingin sa kanya. Pinamulahan ito ng mukha nang matantong siya ang nagdala ng juice. "S-si Mama?"

"May kausap sa telepono," mabilis niyang tugon habang tinutungo ang pinto. Mabilis siyang lumabas at kinabig iyon pasara. Buong kapilyahang napangiti siya nang makalabas. Ang macho-macho pala talaga ni Dexter! Hindi niya makalimutan ang hitsura ng

binata hanggang nang nakahiga na siya sa sariling kama.

NABABAAN NI DEXTER si Kristina na nagbabasa ng classified ads kinaumagahan habang umiinom ng kape. Halatang naghahanap ng trabaho ang dalaga.

"Ang Mama?" tanong nito nang makalapit.

"Wala, umalis," nakangiting tugon niya, sabay abot dito ng sulat na iniwan ni Tita Salve.

Dexter, hijo,

Kung may bakante pa sa opisina n'yo ay isama mo na si Kristina. Ikaw na ang bahala sa kanya. Na kina Tita Merced mo lang ako.

Mama

Napakunot-noo ang binata. "Ang Mama talaga, nag-iwan na naman ng problema." Pinagmasdan nito si Kristina habang minamarkahan ang ads na maaaring pag-apply-an. "Ano ba'ng natapos mo?" pagkuwa'y tanong nito.

"Marketing," tipid niyang tugon.

"Wala pang bakante sa opisina, eh."

Hindi siya umimik. Mauupo na lamang ito sa harap ng hapag-kainan nang tumunog ang telepono. Ito na ang sumagot.

Ang sekretarya nito ang nasa kabilang linya. Ayon sa babae, hindi ito makakapasok ng isa hanggang dalawang linggo dahil mayroon itong chicken pox. Nang isang araw pa lang daw ay nilalagnat at sinisipon na ito.

Aburidong bumalik sa mesa si Dexter. Marami pa namang kailangang gawin sa opisina! Kapag wala ang sekretarya nito ay parang wala itong mga kamay at paa. Natapos ang agahan na nag-iisip ito ng solusyon sa problema.

"Magbihis ka," anito kay Kristina matapos kumain.

"B-bakit?" takang tanong niya.

"Di ba't naghahanap ka ng trabaho?"

Tumango siya, excited.

"Magbihis ka't isasama kita sa opisina," sabi nito.

Gumuhit ang ngiti sa kanyang mga labi. "Talaga? Sige, magbibihis na ako!" Hindi pa man tapos kumain ay patakbo na niyang tinungo ang hagdanan. Nagkakandarapa siyang pumanhik.

Iiling-iling na napangiti si Dexter. Dala ng curiosity, tiningnan nito ang mga ads na pinagguguhitan ni Kristina sa diyaryo.

Sales supervisor, loans officer, at marketing manager ang mga posisyong nabasa nito. Kamuntik na itong mapabunghalit ng tawa. *Ambisyosang komedyante pala ang babaeng 'to, eh!*

"KRISTINA, ANO BA, bilisan mo at mali-late na ako!" sigaw ni Dexter mula sa ibaba ng bahay. Nakabihis na ito ay hindi pa rin bumababa ang dalaga.

Matagal na pinag-isipan ni Kristina kung ano ang isusuot niya. Wala kasi siyang nadalang bestida. Bukod sa hindi siya sanay magsusuot niyon ay dadalawa lang ang ganoon niyang damit sa bahay. Iyon ay tuwing may okasyon lamang niya nagagamit.

Atubiling pumanaog siya ng hagdan. Nakasuot siya ng isang maong na pantalon, polo shirt at rubber shoes.

Namilog ang mga mata ni Dexter, umakyat ang dugo sa ulo pagkakita sa kanya. “Saan ka pupunta?”

“Sasama sa ‘yo,” inosenteng tugon niya.

“Hindi tayo mag-a-outing,” yamot nitong sabi. “Sa opisina ang punta natin at hindi sa bundok. Ba’t ganyan ang ayos mo?”

Nahihiyang tumungo siya. “Wala kasi akong bestida, eh.”

“Anak ng—” Kakamut-kamot sa batok na humarap ito sa bintana. “Ma, ano’ng problema ba naman ‘tong ibinigay mo sa akin?” bubulung-bulong na sabi nito. Sunud-sunod na buntunghininga ang pinakawalan nito bago sumulyap sa relo at saka humarap sa kanya. “Let’s go!” Humakbang ito patungo sa garahe.

“Okay lang kahit ganito ang ayos ko?” nahihiyang tanong niya.

Hindi ito tumugon. Mabilis itong sumakay ng kotse at binuhay ang makina. Nanatili siyang nakatayo sa porch.

“O, ano’ng itinatanga-tanga mo riyan?” sita nito mula sa nakabukas na bintana ng kotse. “Sumakay ka na!”

Marahang binuksan niya ang likuran ng kotse at akmang sasakay na.

"Hoy, hoy, hoy! Huwag mo 'kong gawing driver, 'no!" napipikon nang saad nito. "Dito ka sa harapan sumakay!"

Nalilitong sumakay siya sa harapan.

Wala silang kibuan habang lulan ng sasakyan. Nakakunot pa rin ang noo ni Dexter na halatang aburidung-aburido. Nakatungo naman si Kristina, hiyang-hiya.

"Bakit hindi mo agad sinabi sa Mama na wala ka palang damit?" pagkaraan ay tanong nito.

"Akala ko kasi, may dala akong bestida, eh," mahinang katuwiran niya.

"Alam mo, sa napapansin ko sa 'yo, hindi ka nagsusuot ng damit kundi pantalon at t-shirt. Babae ka ba o ano?"

Hindi siya tumugon.

"Kapag minamalas ka nga naman, oo!" yamot na turan nito. "Marami pa akong appointments! Saka pa nagka-chicken pox ang sekretarya ko!"

Bagaman nahihiya ay may lihim na ngiti sa mga

labi si Kristina. Lalong gumuguwapo ang binata habang patuloy niya itong pinagmamasdan. Mature na itong tingnan sa suot na long-sleeved polo na may kurbada; mamang-mama na ang hitsura nito at mukhang responsable, hindi katulad ng mga nanliligaw sa kanya sa Zampoanga. Ganitong klase ng lalaki ang gusto niyang mapangasawa.

Napapormal siyang bigla nang kunot-noong sumulyap sa kanya si Dexter.

3

Sa isang department store sila humantong. Nagtatakang sinulyapan ni Kristina si Dexter habang ipinaparada nito ang sasakyan sa parking lot.

Bumaba ito ngunit nanatili siya sa kinauupuan sa pag-aakalang may pupuntahan lang ito sandali. "O, ba't hindi ka pa bumababa?"

"S-sasama pa ba ako?" takang tanong niya.

"Kaya nga tayo nandito dahil sa 'yo 'tapos hindi ka sasama?"

Walang salitang umibis siya ng sasakyan at sumunod dito. Dinala siya nito sa isang boutique.

"O, pumili ka na ng damit mo," anito.

"I-ibibili mo ako?" natutuwang tanong niya.

"Kaya nga pinamimili na kita. Nagtatanga-tangahan ka ba o talagang mahina ang pick-up mo?"

Hindi niya pinansin ang masakit nitong salita. Excited na nagsukat siya ng mga damit. Magaganda ang mga iyon at mamahalin.

May natipuhan siyang isang bestida at kaagad

na kinuha iyon sa pagkaka-hanger. Nang makita ang dressing room ay isinukat niya ang damit. Humarap siya sa salamin at iniladlad ang nakataling buhok. Bagay na bagay sa kanya ang suot at lalong nalantad ang ganda niya.

Napalunok si Dexter nang makita ang dalaga. May isang minuto itong hindi nakatinag sa kinatatayuan.

Lalo pang pinaganda ang mukha niya ng pamumula ng kanyang mga pisngi. “B-bagay ba?”

Hindi ito tumugon. Noon lamang nito nalaman na may itinatagong ganda ang kaharap. Naisip nitong lalo pa siyang gaganda kapag naayusan nang husto.

“K-Kuya Dexter?”

“H-ha? O-oo, okay na ‘yan. Hubarin mo’t nang mabayaran ko na.” Tumalikod ito upang ikubli ang pamumula ng mga pisngi. Paano nito sasabihing bigla itong na-attract sa dalaga?

Sa katuwaan ni Kristina ay hinalikan niya ito sa pisngi. “Thank you! Ang bait-bait mo!” Nang mapag-isip-isip ang ginawa ay nahihiyang tumalikod na siya patungo sa fitting room.

Sinundan siya nito ng tingin. Sinalat nito ang bahaging nahagkan niya. Mayamaya ay bigla itong nagpalinga-linga ng tingin upang tiyaking walang nakakita rito. Nakakahiyang isipin ng mga makakakitang nasiyahan ito sa ginawang paghalik ni Kristina.

Ang sumunod nilang pinuntahan ay shoe store. Kaagad siyang may nagustuhan na high heels. Habang isinusukat ang mga iyon ay natatawang nakamasid sa kanya si Dexter. Hindi siya makalakad nang tuwid dahil hindi pa siya sanay. Maya't maya ay nawawalan siya ng balanse. Minabuti niyang flat shoes na lang ang piliin, tutal ay matangkad naman siya.

Habang nasa sasakyan patungo sa opisina ng binata ay pasulyap-sulyap siya sa salamin. Biglang-bigla siyang naging conscious sa sariling ayos. Napansin nito iyon.

Dumukot ito ng suklay na panlalaki sa bulsa ng pantalon. "O, ayan, gamitin mo muna at ang gulu-gulo ng buhok mo."

"S-salamat." Sinuklay niya ang buhok, inayos at tiningnan sa salamin ang mukha sa iba't ibang anggulo. Batid niyang may kulang pa ngunit ayaw na niyang banggitin iyon sa kasama. Nakakahiya

nang sabihin na kailangan pa niya ng makeup. Dati pa niya gustong ayusin at pagandahin ang sarili ngunit wala siyang resources. Kung hindi pa nga nangutang sa patubuan ang inay niya ay hindi siya makakasakay ng eroplano papunta ng Maynila.

Ilang sandali lamang ay nasa Makati na sila. Excited si Kristina habang lulan sila ng elevator. Ano kaya ang magiging posisyon niya? Assistant manager? Supervisor? Malakas yata sa kompanyang iyon si Dexter. *Ang kapal ng mukha mo, Kristina!* sabi niya sa sarili.

Santambak na mga papeles ang nakalagay sa ibabaw ng mesa ng sekretarya. Napailing si Dexter.

"Absent ang sekretarya mo?" Narinig niya na may chicken pox ito ngunit nagtanong pa rin siya.

"Oo kaya isinama kita," tugon nito.

"Ano'ng ibig mong sabihin?"

"Ikaw muna ang magiging sekretarya ko habang wala si Norma."

"G-gagawin mo akong sekretarya?"

"Narinig mo naman siguro ang sinabi ko, ano?"

Nanlumo siya.

"Umpisahan mo na 'tong ayusin." Itinuro nito ang mga papeles sa mesa. "Kung may hindi ka alam, itanong mo sa akin. Nasa kuwarto lang ako." Humakbang ito patungo sa silid.

"Ano'ng itatawag ko sa 'yo?" mahinang tanong niya.

"Eh, di siyempre "Sir' o 'Boss...' kung saan ka komportable."

"Kuya Dexter," ingos niya.

Pinandilatan siya nito ng mga mata.

Pabagsak siyang naupo sa upuan ng sekretarya. Tumalikod na ito. "Boss!" mariin niyang tawag.

"O, ano 'yon?" muling harap nito.

Iniabot niya ang suklay na ipinahiram nito sa kanya.

"Ang suklay mo. Salamat."

"Galit ka ba?"

"Hindi." Ngumiti siya.

Nagkibit-balikat ito at tumalikod na.

Naiwan siyang nakatitig sa mga aayusin. Ano ba ang alam niya sa trabaho ng sekretarya? Hindi iyon

ang pinangarap niyang mapasukan. *Walanghiyang Dexter 'to, ah! Gagawin lang pala akong sekretarya!*

Nagpuputok ang butseng sinikap niyang maayos ang mga nakalagay sa ibabaw ng mesa. Kailangan pa rin niyang magpalakas sa binata.

Pagkalipas ng ilang sandali ay may isang babaeng lumapit sa kanya. "Hi! Ako si Kate," nakangiting bungad nito. "Tinawagan ako ni Boss Dexter. Diyan lang ako sa kabilang office. Wala ang boss ko kaya't hiniram muna ako ni Boss Dexter. I'm here to train you."

Gumanti siya ng ngiti. "Hello."

Sinamantala niya ang pagkakataong iyon upang matutunan ang mga gawain ni Norma. Nakakapagod din pala. Maya't maya ay tumatawag si Dexter upang magpatimpla ng kape o kaya ay magpatawag ng tao sa telepono. Maya't maya rin kung mag-ring ang telepono. Hindi pa siya tapos makipag-usap sa isang telepono ay tumutunog na naman ang kabila. Matiyaga namang magturo si Kate. Natatawa ito kapag minsang natataranta siya subalit nakahanda itong umalalay.

Bagsak ang katawan niya nang pauwi na sila ni Dexter. Hindi niya napigilan ang sariling isandal ang

likod at ihiga ang upuan ng sasakyan sa matinding pagod. Nakaidlip siya habang tumatakbo ang kotse.

Pinagmasdan siya ng katabi. Nasa mukha nito ang pagkaawa sa kanya.

Excited silang sinalubong ni Tita Salve nang umibis sila ng sasakyan. “Wow, Kristina! Ikaw ba ‘yan?” gulat na tanong nito nang makita siya sa bagong ayos. “Ang ganda-ganda mo, hija!”

“Sinamahan ko sa boutique at wala raw siyang bestida, Mama,” pormal na sabi ni Dexter.

“That’s good, hijo,” tapik ng ina sa balikat ng anak. “Maasahan ka talaga.”

“At puwede bang samahan mo nang mag-shopping ‘yan bukas ng iba pa niyang maisusuot?” Nahiga ito sa sofa.

“May trabaho na siya, hijo?” excited na tanong ng ina ko.”

“Wala si Norma. Siya muna ang magiging secretary.

“What!” bulalas ni Tita Salve. “Secretary?”

“Ma, kailangan talagang magsimula muna siya sa mababang posisyon. After all, bata pa siya.

Mahirap maghanap ng trabaho ngayon. At least, pasok na siya sa isang malaking kompanya."

"At pagbalik ng secretary mo?"

"Ako na'ng gagawa ng paraan." Ipinikit nito ang mga mata.

Napabuntunghininga nang malalim si Tita Salve. Medyo inis na inakbayan nito paakyat ng hagdan si Kristina. "Halika, hija. Baka may mga damit akong kasya sa 'yo. Iyon na muna ang isuot mo habang hindi pa tayo nakakapamili."

"Nakakahiya na ho sa inyo, Tita Salve," mahinang saad niya.

"Huwag kang mag-isip ng ganyan," nakangiting sabi nito. "Kung 'yong iba nga riyan, eh, natutulungan ko, ikaw pa kayang anak ng best friend ko? At pasensya ka na sa trabahong napasukan mo. Hayaan mo, ako'ng bahala."

"O, HIJA, dami-damihan mo ang kain mo para mapagsilbihan mong mabuti ang boss mo!" Halatang nagpaparinig si Tita Salve sa almusal kinabukasan.

"Tita, tama na ho," ani Kristina. Nilalagyan kasi ni Tita Salve ng mga pagkain ang plato niya.

"Para maging energetic ka, hija," patuloy na saad nito, pasulyap-sulyap kay Dexter. "Alam mo naman ang boss mo, masyadong demanding 'yan!"

Napapangiting napapailing ang binata. "Ma, baka ma-spoil na niyan si Kristina."

"Eh, ano? Inggit ka?" paingos na sabi nito.

"Galit ba kayo?"

"Hindi!" Pilit na ngiti ang pinakawalan nito. "Hoy, hijo, alagaan mo si Kristina r'on. Alam mo namang hindi pa sanay dito sa Maynila ang batang 'to."

"Naku, at ginawa pa akong babysitter," napailing na sabi ng binata. Pinunasan nito ng napkin ang mga labi at saka bubulung-bulong na tumayo. "Ang mama ko, nakatagpo na naman ng bagong apple of her eye. Siyempre pa, out of place ka na naman, Dexter," kausap nito sa sarili.

Lihim na napangiti si Kristina.

Kakaway-kaway si Tita Salve nang paalis na ang dalawa. "Dexter, alagaan mo si Kristina!" nakangiting paalala nito habang pinapaandar ng anak ang sasakyan.

"Oo na, Ma," naiiling na pakli nito.

"'Bye, Kristina!"

"'Bye, Tita Salve!"

Habang nasa daan ay walang kibuan ang dalawa hanggang sa makarating ng opisina.

Hindi pa nakakaupo sa silya ang dalaga nang utusan siya ni Dexter. "Kristina, coffee please," anito.

Napatingin siya sa dakilang boss. "Nagkape ka na sa bahay, ah?"

"I said, coffee please," ulit nito, mariin.

"Okay," tugon niyang napasimangot. Nagpuputok ang butseng nagtimpla siya ng kape at dinala sa kuwarto nito. "O, eto na ang kape mo." Walang kangiti-ngiti sa kanyang mga labi habang inilalapag ang tasa sa mesa nito.

Hindi man lamang ito nagpasalamat. Nakaismid na tumalikod siya palabas ng silid.

"Kristina."

Humarap siya rito ngunit hindi nagsalita.

"Kapag nandito ka sa opisina ko, kailangang palagi kang nakangiti. Nakakahiya sa mga kliyente ko."

Tumango siya.

“Pipi ka ba?” yamot na tanong nito.

“O-oho, Sir,” mahinang tugon niya.

“Pipi ka?”

“Hindi. Sinasagot ko lang ‘yong sinabi mo kanina.”

“Good,” naupong saad nito. “Bumalik ka na sa mesa mo.”

“Thank you, Sir.” Mabilis na siyang tumalikod.

Lingid sa dalaga ay nakasunod ang mga mata ni Dexter sa kanya. Mula ulo hanggang paa ay pinagmasdan siya nito. Matangkad siya kaya bumabagay sa kanya ang bawat damit na isuot niya. Maganda rin ang kurba ng katawan niya, sexy at kapansin-pansin.

“HI, MISS BEAUTIFUL!”

Nagulantang si Kristina sa biglang pagsulpot ng isang lalaki sa harapan niya. Gayunpaman, sinikap niyang maging kaswal sa pagkilos. “Y-yes, Sir, what can I do for you?”

"Kristina, right?" tanong nito, nakangiti. Banaag sa mukha nito ang paghanga sa kanya.

"Yes, Sir," nakangiti nang tugon niya.

"Nandiyan ba ang boss mo?"

"Yes, Sir."

Iniwanan siya nito ng isang makahulugang tingin bago tumuloy sa silid ni Dexter.

"Sandali!" napatayong pigil niya. "H-hindi ko pa alam kung ano'ng pangalan n'yo at kung ano'ng sadya n'yo kay Mr. Buenavidez."

"Oh, sorry," tampal nito sa sariling noo. "I'm Allan Alonzo." Ipinakita nito ang I.D. "Diyan lang ako sa accounting department. Kaibigan ako ni Dexter."

Bago pa siya nakapagsalitang muli ay tumalikod na ang lalaki. Guwapo ito, maputi at tingin niya ay palikero. Napaangat ng tingin si Dexter nang makita si Allan subalit patuloy pa rin ito sa ginagawang plano ng isang building.

"Mr. Busy," nakangiting bungad ni Allan.

"Yes, Mr. Playboy?" nakangiti rin na bati ng binata.

Naupo ito sa katapat na upuan at pinagmasdan si Dexter habang patuloy sa ginagawa niya. “Tumawag si Tita Salve sa akin.”

“Bakit daw?” gulat na tanong niya, sabay tingin sa lalaki.

“It’s about your temporary secretary. Hanapan ko na raw ng puwesto sa departamento ko. Naka-oo na ako sa mommy mo.”

“Sinasabi ko na ba,” pabuntunghiningang saad niya. “Si Mommy talaga, oo.”

“So, pa’no, pare? When will I interview Kristina? Maganda pala, ah.” Pilyong ngumiti ito.

“Pare, mananagot ka sa Mama kapag tinalo mo ‘yan,” natatawang banta niya sa kaibigan. “Anak ‘yan ng minamahal niyang best friend. Promdi, pare.”

“Promdi nga, maganda naman.”

Inilapit niya ang mukha sa tainga nito. “Tingin ko T-bird. Ngayon nga lang nagsuot ng bestida ‘yan, eh.”

“Hindi naman siguro. Pang-model ang katawan, pare. Huwag kang magagalit, ha? Pero type ko.”

“Pagtatawanan kita oras na pinatos mo ang

promdi na ‘yan, pare,” nakatawang saad ni Dexter.

“Ngayon nga lang natatawa ka na, eh. Baka ikaw ang may gusto sa kanya kaya ka nagkakaganyan?”

Lalong natawa si Dexter.

4

Tumawag si Tita Salve kay Dexter kinahapunan. Ibinilin nito na ihatid na lamang ng anak si Kristina sa parlor na malimit nitong puntahan. Alam na iyon ni Dexter. Doon na lamang daw hihintayin ni Tita Salve ang dalaga bago sila pumunta sa shopping mall.

May isang bagay na pinagkakaabalahan si Kristina nang malabasan ito ni Dexter. "Tumawag ang Mama," mahinang saad nito.

Animo ay walang narinig na hindi siya tumugon. Talagang hindi niya napansin ang paglapit nito dahil sa binabasa niyang note. Pumuwesto sa likuran niya ang binata at binasa ang papel na hawak-hawak niya.

"Dear Kristina¸" malakas na basa nito. *"Keep smiling. You're so beautiful. Love¸ Allan."*

Bigla niyang itiniklop ang papel. "Sir, n-nandiyan pala kayo?"

"Kanina pa nga kita tinatawag," pormal na sabi nito. "Kaya naman pala hindi mo ako naririnig, may pinagkakaabalahan ka," Sa kabiglaan niya ay

inagaw nito ang papel at kaagad na kinuyumos bago itinapon sa basurahan.

Napalunok si Kristina, nag-blush at natulala.

"Tumawag si Mama," banggit nito. "Ihahatid na lang kita sa parlor. Nandoon siya ngayon. Tutuloy raw kayo ng mall."

Tumango siyang nakatulala pa rin.

"O, hindi ka na nakapagsalita," patuloy nito. "Nagulat ka ba sa ginawa ko?" Dinampot nito ang sulat ni Allan sa basurahan at inilapag sa mesa niya. "O, 'ayan, itago mo." Halata ang pagkayamot nito.

Marahang kinuyumos ni Kristina ang papel at itinapon sa basurahan na ikinagulat ng binata. "A-aalis na ho ba tayo?" tanong niya kapagkuwan.

Hindi ito tumugon. Tuluy-tuloy nitong tinungo ang silid at kinuha ang mga gamit, pagkuwa'y mabibilis ang hakbang na tinungo ang pintuan.

Nagmamadali niyang inayos ang sarili at saka sumunod dito. Pilit niyang hinahabol ang bilis nito ngunit hindi pa rin niya ito naabutan hanggang sa makapasok ito ng elevator. Sumara ang elevator at naiwan siyang napako sa kinatatayuan.

Mangiyak-ngiyak na pumanaog na lamang siya

ng hagdanan. Gusto niyang masuklam kay Dexter at maawa sa sarili pero pilit niyang pinapanatag ang loob. Hindi siya dapat maapektuhan. Alam niyang sinusubok lamang ang katatagan niya.

Nagulat siya nang makitang nakaabang ang kotse nito sa ibaba ng building. Tila walang nakitang tumayo siya sa di-kalayuan. Kunwa'y hindi niya ito napansin. Baka kapag lumapit siya rito ay bigla nitong patakbuhin ang sasakyan. Kahiya-hiya na naman siya kapag nagkataon.

Binuksan nito ang bintana ng kotse. "O, ano pa'ng itinutunga-tunganga mo riyan?" malakas na tanong nito. "Sumakay ka na, puwede ba? Kanina pa naghihintay ang Mama sa parlor."

"M-magta-taxi na lang ako," mahinang tugon niya na may himig pagtatampo.

"Aba! Alam mo ba kung saan?" uyam na tanong nito.

"Hindi. Sabihin mo na lamang sa akin ang lugar at sasabihin ko sa taxi driver."

"At kung mapahamak ka? Sagutin pa kita!" inis na sabi nito. "Sumakay ka na kung hindi'y bubuhatin kita riyan!"

"Kaya kong pangalagaan ang sarili ko."

Tuluyan nang napika ang binata. Bumaba ito ng kotse at mabilis na lumapit sa kanya. Bago pa siya nakaiwas ay napangko na siya nito patungo sa sasakyan.

"Ay, ano ba!" halos pasigaw na sabi niya Napatingin ang mga taong dumaraan sa kanila ngunit hindi pinansin ni Dexter ang mga ito. Nang makarating sa kotse ay kaagad nitong binuksan ang pinto at saka siya isinalya sa loob.

Gulilat na napapormal si Kristina sa pagkakaupo. Walang kipong pinaharurot ni Dexter ang sasakyan. Napakapit siya nang mahigpit sa sandalan ng upuan.

NAGPAPA-MANICURE SI TITA SALVE nang maratnan nila ito sa parlor. Isang baklang beautician ang sumalubong sa kanila.

"Hi, pogi!" kurot nito sa pisngi ni Dexter.

Inis na umiwas ang binata. Napaismid ang beautician.

"O, hijo, nandiyan na pala kayo," nakangiting sabi ni Tita Salve.

Humalik si Dexter sa ina bago nagpaalam. “Kasama n’yo naman si Anton, mauna na ako sa inyong umuwi,” anito. “Marami pa akong gagawin.” Humakbang ito patungo sa pinto.

Marahang lumapit si Kristina kay Tita Salve at humalik sa pisngi nito.

“Ba’t mukhang mainit ang ulo n’on?” pabulong na tanong ng babae.

Umiling siya. “Hindi ko ho alam.”

Papalabas na si Dexter nang lumingon ito. “Ma, mag-usap tayo mamaya.”

“Tungkol sa-” Hindi naituloy ng ina ang sinasabi dahil nakabig na pasara ng binata ang pinto. Napailing na lamang ito.

“Hay naku, Tita Salve!” malanding sabi ng beautician. “Kahit kailan, suplado talaga ang binata n’yo!”

“Pagpasensyahan mo na, Pennie. Mainit lang ang ulo n’on.”

“Kailan ba lumamig ang ulo n’on?”

“Ikaw talaga,” napangiting saad ni Tita Salve, “Anyway, asikasuhin mo na si Kristina. Gawin mo

kung ano'ng babagay sa kanyang gupit.

"Ho?" gulat na tanong niya. "Pagugupitan n'yo ako?"

"Bakit? Ayaw mo ba, hija?"

Umiling siya. "O-okay lang ho."

"Magaling si Pennie. Lalo kang gaganda kung naayusan ka na niya."

Pagkagaling sa parlor ay tumuloy sila sa isang shopping mall. Binilhan siya ni Tita Salve ng mga damit na para bang anak siya nito. Dumaan din sila sa isang beauty shop at namili ng makeup, pabango at kung anu-ano pa. Mapilit ito. Ayaw man niya at nahihiya ay wala siyang nagawa kundi tanggapin ang pagmamagandang-loob nito.

Kumain sila sa isang restaurant.

"Tahimik ka yata?" puna nito nang mapansin ang pananahimik niya.

"Naaalala ko ho ang Inay at Itay," malungkot niyang tugon. "Hindi ho kasing-sarap ng mga ito ang kinakain nila. Nahihiya na ho ako sa inyo. Sobra-sobrang pagtulong na ho'ng ginagawa n'yo sa akin."

"Hija, masanay ka na sa akin," ngiti nito. "Alam

mo bang sabik na sabik ako sa anak na babae? Tuwang-tuwa nga ako nang pumayag si Belen na dumito ka muna sa akin. Mahal kita, katulad ng pagmamahal ko sa inay mo."

Nangilid ang luha sa kanyang mga mata.

"Katulad ko, mapangarapin din ang inay mo," nakangiting pagbabalik-gunita ni Tita Salve. "Minsan ay nangarap kaming magkaanak ng isang babaeng maganda, matalino at mabait. Gagawin namin ang lahat upang mapaganda ang kanyang buhay. Ngunit sa paglipas ng mga panahon, ang pangarap na iyon ay naging malabo para sa akin. Masuwerte si Belen at nagkaroon siya ng isang katulad mo. Kaya nga pinagsikapan ka niyang itaguyod. Napagtapos ka niya ng pag-aaral. Gusto kong sa 'yo na lamang ibuhos ang lahat ng gusto kong gawin kung nagkaroon ako ng isang anak na babae."

Umagos ang masaganang luha sa mga pisngi ni Kristina.

Kumuha ito ng panyo at pinahid ang kanyang pisngi. "Hija, cheer up!" alo nito. "Masisira ang ayos mo niyan, eh." Iniangat nito ang kanyang mukha. "Ang ganda-ganda mo pa naman. Kamukhang-kamukha ka talaga ng inay mo."

May ngiting sumilay sa mga labi niya sa muling pagkakabanggit sa kanyang ina. Tama si Tita Salve, mahal na mahal siya ng kanyang ina. Hindi ito tumigil hangga't hindi siya napagtatapos ng pag-aaral. Katuwang nito ang kanyang ama; lahat ng mapagkakakitaan sa bukid ay ginawa ng mga ito. Mapalad pa rin siya sa pagkakaroon ng mga magulang na katulad ng mga ito.

HINDI KUMAKATOK na binuksan ni Dexter ang pinto ng kuwarto ng ina. Kararating lamang noon nina Kristina at Tita Salve. Ni hindi pa nakakapagbihis ang ina samantalang ang dalaga ay tumuloy na sa kuwarto upang isukat ang mga pinamili.

"Ma, pagsabihan nga ninyo ang alaga n'yo," mariing bungad ni Dexter.

"What's the matter, hijo?" tanong ni Tita Salve habang tinatanggal ang mga hikaw sa tainga. "Wala namang ginagawang masama sa 'yo si Kristina."

"Kanina lamang sa opisina ay kinunsumi ako ng babaeng 'yan," giit nito. "Would you believe, nakikipaglandian na siya kay Allan to think na kabago-bago pa lang niya roon. At ito pa'ng isang problema, palagi na lang siyang nakasimangot."

"Kasi'y ganoon ka din sa kanya," katuwiran nito. "Lahat ng galit mo kay Cindy, sa kanya mo ibinubunton. I'm afraid you're becoming a woman-hater."

Hindi nakakibo si Dexter.

"Ikaw ang may problema, hijo," patuloy ni Tita Salve. "Hindi na ikaw ang dating Dexter na anak ko. Minsan, ang pakiramdam ko, isa kang stranger sa bahay na 'to."

"I'm sorry, Ma," nakatungong paumanhin ng binata bago sinabayan ng alis.

Nagkataong papalabas din ng kuwarto niya si Kristina. Natigilan ang binata nang makita siya sa bagong ayos. Aristokrata siyang tingnan sa maiksing buhok, simpleng mga alahas, sleeveless blouse at miniskirt. Hindi niya gustong magsuot niyon, pinilit lamang siya ni Tita Salve. Ilang na ilang pa nga siya sa mga tao sa mall. Kapansin-pansin kasi ang ganda niya kaya bawat madaanan nila ay napapatingin sa kanya.

Napalunok si Dexter habang titig na titig sa dalaga. Maging ito ay hindi kaagad nakakilos sa kinatatayuan.

Nakita ni Kristina na pinagmasdan siya nito

mula ulo hanggang paa. Animo ay matutunaw siya sa mga titig nito.

Nakabawi ito sa pagkabigla, tulirong mabilis na itong tumalikod at pumanaog ng hagdan.

Sa may swimming pool humantong ang binata. Naupo ito sa gilid niyon at itinampisaw ang mga paa sa tubig. Kung bakit naman tila nakikita nito ang mukha ni Kristina sa kulay asul na tubig.

"Damn!" sapo nito sa noo.

HINDI IPINAHALATA NI DEXTER ang matinding paghanga kay Kristina nang bumaba siyang suot ang kabibiling office attire.

Nakamaiksing palda siya, light-colored blouse na napapatungan ng itim na blazer. Naka-high heels na rin siya. Sinanay niya ang sarili sa pagsusuot ng mga iyon nang nakaraang gabi. Hindi halatang medyo nawawalan pa rin siya ng balanse paminsan-minsan. Higit sa lahat, pinaganda pang lalo ang mukha niya ng bahagyang makeup sa mga mata, blush-on sa magkabilang pisngi at manipis na lipstick. Ang lahat ng iyon ay si Tita Salve ang gumawa. Bagaman lumalabas pa rin ang kilos-lalaki niya, unti-unti ay matatanggal din niya iyon sa sarili.

After all, sinasadya lang naman niya ang pagkilos nang ganoon noon.

Kunwa'y parang walang nakita na ipinagpatuloy ni Dexter ang pagbabasa ng diyaryo.

Nasa ikatlong baitang na ng hagdanan mula sa ibaba si Kristina nang bigla siyang natapilok at nawalan ng balanse. Padausdos siyang napaupo sa sahig. Hindi niya napigilan ang mapasigaw. "Aray!"

Sumambulat ang malakas na tawa ng binata. Pinukulan niya ito ng matatalim na tingin bago siya tumayo at mabilis na tumalikod patungo sa kusina. Hindi ito matigil-tigil sa pagtawa.

Nakasimangot na naupo siya sa harap ng mesa.

"O, bakit hindi maipinta 'yang mukha mo?" tanong ni Trining. "Ang ganda-ganda mo pa naman. Aba'y hindi kita nakilala sa ayos mo, ah. Talo mo pa niyan si Charlene Gonzales."

"Nahulog ako sa hagdan at pinagtawanan ako ni Dexter," naiinis niyang kuwento. Natawa rin ito. "Pati ba naman ikaw, Trining?"

"O, huwag nang magalit. Sorry na. Ikaw naman, hindi ka na mabiro. Hayaan mo, pagagalitan ko 'yang si Sir Dexter," natatawang biro nito.

"Ano 'ika mo, Trining?" Nasa may pintuan na pala ng dining room ang binata.

Nataranta ang katulong. "Ay, nandiyan pala kayo, Sır! Naku, ang guwapu-guwapo n'yo talaga! Sandali at ihahanda ko na ang pagkain n'yo!" Nagmamadaling tinungo nito ang kusina.

Namayani ang katahimikan sa dining room nang umalis si Trining. Hindi sinasadyang nagkasalubong ang mga mata nina Kristina at Dexter. Mabilis siyang umiba ng tingin. Tahimik siyang tumayo at iniwan ang binata. Napakibit-balikat ito.

HUMAHALIMUYAK ANG BANGO ng tatlong roses sa flower vase ng mesa ni Kristina. Napahinto sa paghakbang si Dexter nang makita ang mga iyon. Pagkatapos pakawalan ang isang malalim na buntung-hininga ay mabilis na itong tumuloy sa silid.

Hinintay muna ni Kristina na makapasok sa opisina nito ang binata bago niya binasa ang maikling note na kasama ng mga bulaklak. Sabi na nga ba at galing na naman kay Allan! Natutuwa siya sa sweetness ng lalaki. Sana ay ganoon din ka-sweet ang boss niya sa kanya.

Suplado, masungit at lahat na yata ng mga katangiang hindi ko gusto sa isang lalaki ay nasa kanya na, saad niya sa sarili. *Pero, gusto ko pa rin siya. Ang guwapo-guwapo talaga niya! Para akong hihimatayin kapag tinititigan niya ako. Oh, Dexter!*

Biglang sumilip ang binata sa pinto. Nakita nito ang dalaga na nangangarap habang nakatulala. Tumikhim ito.

Saka lamang siya parang nagising sa mahabang pagkakatulog. Sa kabiglaan ay napangiti na lang siya. "May kailangan kayo, Sir?" tanong niya.

"Kanina ko pa hinihintay ang kape ko," pormal na tugon nito.

"Ah, kape! Sige, dadalhin ko na po."

Napangiti siya nang kabigin nito pasara ang pinto ng opisina. Saka naman siya ginulantang ni Allan.

"Hi!" bungad nito.

"Ay!" nagulat na sabi niya. "Nakakagulat ka naman!"

Naupo ito sa visitor's chair. Pakiramdam niya ay pinagmamasdan nito ang kanyang mga binti habang papunta siya sa kinalalagyan ng electric airpot.

Nagtimpla siya ng kape.

"Ano 'yan, para sa akin?" nakangiting tanong ni Allan.

"Excuse me, para sa boss ko," ganting ngiti niya.

"Oh, pahiya ako! Mahal na mahal mo talaga ang boss mo."

"Gusto mo rin bang ipagtimpla kita?"

"Hindi, huwag na. Napahiya na ako, eh," natatawang biro nito. "By the way, how old are you?"

"Twenty-one."

"Bata ka pa pala. May boyfriend ka na?"

Hindi siya tumugon. Nahalata niya ang malimit nitong pagsulyap sa kanyang mga binti. Tama siya, pinagmamasdan nito ang magandang hubog ng kanyang katawan. Nang matimpla ang kape ay walang salitang tinungo niya ang silid ng boss. Naiwan si Allan na nakasunod pa rin ang mga mata sa kanya.

Pagkatapos ng tatlong katok ay tumuloy na siya sa loob ng opisina ni Dexter. Tulad ng dati ay abala na naman ito sa ginagawa. Tumikhim siya.

"Pakilagay na lang sa mesa ang kape ko,"

mahinang utos nito. Kaagad siyang tumalima. Lalabas na siya nang muli itong magsalita. “Sino’ng kausap mo sa labas?”

“S-si Allan.”

Dumilim ang mukha nito. “Aalis tayo,” pagkuwa’y saad nito. “Isasama kita sa labas. May imi-meet akong kliyente.”

“Ha?” nakatangang tanong niya.

“Ang sabi ko, aalis tayo.”

“S-sige.”